

ILANG TALA SA ISYU NG PAGSASALIN KAY/NI RIZAL

U Z. Eliserio

Sino mang magsisimulang basahin ang *Noli’y* magigitla sa pinakaimportante nitong katangian, na magpaparamdam agad sa mga unang pangungusap pa lamang ng nobela: nakasulat ito sa wikang hindi alam ng mambabasang Filipino. Ang tinutukoy ko’y Espanyol.

Sala-salabat ang mga tanong: bakit sa Espanyol nagsulat si Jose Rizal? Bakit natin kailangang basahin ang isang akdang mistulang hindi naman isinulat para sa atin? Magkatumbas ba ang salin at orihinal?

Naglalaro ang pagsusuring ito sa tatlong wika: Espanyol (ang wika ng dating panginoon, ang wika ng orihinal ni Rizal), Ingles (ang wika ng kasalukuyang panginoon, ang wika ng salin ni Derbyshire), at Filipino (ang wika ng nais nating mamanginoon, ang wika ng salin ni Almario).

May kaunting hawig ang pag-aaral ng wika at ang pagbabasa ng nobela. Sa pagbabasa ng nobela, kailangan mo ring matutunan ang kakaibang wika ng awtor. Maaari mong mabigkas ang tunog ng kanyang mga pangungusap (“Ma-ri-ya,” “E-li-yas,” “Ma-ri-tin”), at unti-unti’y mahihinuha mo ang tinutukoy niya. A, iyon ang ibig sabihin ng Maria, iyon naman ang ibig sabihin ng Elias. Kaya nga kumbensyon sa mga nobelang magsimula sa isang pagtitipon: kailangang suungin agad ng mambabasa ang mundo ng awtor. Ito ang mga noun, ito ang mga verb. Saka na ang mga sekundaryang tauhan, gaano man sila kaimportante. Saka na ang mga adjective, saka na ang mga adverb.

Nababasa lang natin si Rizal bilang salin. Malayo ito. Ang binabasa nati'y nabasa na para sa atin, nainterpreta na ng tagasalin. Ang Rizal nati'y alingawngaw, kopya. Second hand. O, para mas positibo ang termino: preloved.

RIZAL, "HEROE"

Maaari nating tingnan si Rizal sa pagbabalangkas sa kanya ng historyador na si Zeus Salazar bilang "heroe." Sa pagpapaliwanag ni Michael Chua, ibig sabihin nito'y hinubog ang sensibilidad at kamalayan ni Rizal ng Kanluran, hiwalay siya sa mga tao, sa bayan (Chua 2012). Kung iisipin nating tinitingnan ni Rizal ang sarili bilang hiwalay sa iba, na may hiyarkiya sa pagitan niya at ng mga ordinaryo o normal na tao, nagkakaroon ng saysay ang kanyang pinipiling target ng pagpapatawa. Katawa-tawa sa kanya ang mga prayle, katawa-tawa sa kanya ang mga katulad ni Kapitan Tiago na tatawagin natin ngayon bilang "social climber." Katawa-tawa sa kanya mga pamahiin, ang mga madumi. Kung ang turing ni Rizal sa sarili ay mulat o malay sa katotohanan, katawa-tawa nga naman para sa kanya ang mga naloloko pa rin.

Kung kaya nga, halimbawa, sa tinatawag na ikatlong nobela niya, ang *Etikang Tagalog*, tuloy pa rin ang panunudyo ni Rizal sa mga prayle, at sa mga nalililang nito. Sa paglalarawan niya kay Padre Agathon, ang target ay hindi ang prayle, kundi ang mga nagkukumahog para dito, ang mga tumuturing dito bilang espesyal. Si Padre Agathon ang nagpapataas sa mga piyesta at pagtitipon, sa mga binyag at kasal. "Isa nang karangalan na makabati sa kanya o makapagmano, at maski na tadyak na natanggap ng sakristang mayor ay naturingang handog ng nobilidad" (Rizal 1997, 53).

Sa kanyang Kanluraning oryentasyon, hindi na nakagtataka pa ang primaryang solusyon ni Rizal sa mga problema ng lipunan ay edukasyon. Si

Rizal na rin mismo ang susupalpal kay Rizal, sa katauhan ni Pilosopo Tasyo, na binalaan si Ibarra tungkol sa proyekto nitong pagpapatayo ng eskwelahan. Ngayon, 'pag kinikritika ang edukasyon, at ang limitasyon ng edukasyon bilang solusyon sa mga problema ng lipunan, hindi ibig sabihin ay ayaw na nating magtayo ng eskwelahan, o di kaya'y inirerekomenda nating 'wag na lang mag-aral ang mga mag-aaral. Ang pagkilala sa mga kakulangan ng isang bagay ay anyaya para gawing mas mainam, mas episyente, ang bagay na iyon.

Tunghayan natin dito, kung gayon, ang dalawang proposisyon ni Rizal sa kanyang "The Philippines: A Century Hence," dalawang repormang sabi niya'y makakasalba sa Espanya, para mapanatili nitong kolonya ang Pilipinas. Una, representasyon sa Cortes, at pangalawa, kalayaan ng pamamahayag.

Sentido komun ang dating ng representasyon sa atin, pero akma pa ring kahit papaano'y balikan ang silbi nito. Ayon kay Bernad, may mga bayan daw na bagay sa demokrasya, pero may mga bayan tulad ng Espanya na nangangailangan ng hari para sa kanilang kaluluwa (Bernad, 50). Ano nga ba ang demokrasya? Mula ito sa kratos, na pamumuno, at demos, na ang ibig sabihin ay mga tao, o ang tinutukoy kong bayan. Maiuugnay ito sa terminong republika. Bagaman hindi totoo, maaari nating isipin ang "re" bilang "rex" (as in Tyrannosaurus Rex) o bilang "rey" (hari sa Espanyol), at syempre ang publika ay publiko. Kung gayon, sa isang republika, ang naghahari ay ang publiko. Samantala, sa isang demokrasya, ang namumuno ay ang bayan.

Bakit nga ba kailangang ang publiko ang maging hari, ang bayan ang namumuno? Absurdong tanong dapat ito, pero sa kasalukuyang estado ng Pilipinas, tila ba handa ang marami, ang mayorya, na isuko ang pamumuno sa isang hari, sa isang Tyrannosaurus Rex. Maaalala natin ang "Naging Mahirap," na campaign jingle ni Manny Villar noong eleksyon 2009 at 2010. Alusyon kaya sa *Noli* ang tanong sa kanta? "Nakaligo ka na ba sa dagat ng basura?" Bakit mahalaga na nakaligo na sa dagat ng basura ang iboboto o

ihahalal na Presidente? Kasi paano nga naman sosolusyonan ng isang hindi pa nakaligo sa dagat ng basura ang mga problema ng mga naliligo sa dagat ng basura. Bago ang COVID-19, ang mainam na ilustrasyon ng puntong ito’y ang pagsakay sa MRT. Paano nga naman sosolusyonan ng hindi sumasakay sa MRT ang problema ng mga ordinaryong Filipino, ng publiko, ng bayan, sa MRT. Ngayong COVID-19, puwede nating itanong, anong uri ng lider ang makakatulong sa atin sa pagharap sa pandemya? Iyong nagtatago sa kanilang mansyon, ‘yung napakaraming kasambahay, na kanilang inilalagay sa panganib, na maaaring mautusan para lumabas at mamili sa kanila? Iyong mga mahaba ang pisi ba, iyong mga mayaman, sila ba ang paniniwalaan natin pag nagsabing kaya natin ‘to, magtiis kayo, mga PI kayo?

Ito ang dahilan kung bakit kailangan ng representasyon, noon sa Pilipinas ni Rizal, at ngayon sa Pilipinas natin. Ang mga kinatawan natin ang dapat ay kikilos ayon sa ating pangangailangan at paniniwala. Bakit hindi ito ang nangyayari? Isang mito sa kapitalismo ang “vote with your dollars,” bumoto gamit ang inyong mga dolyar. Halimbawa, nangako ang Jollibee ng langhap sarap, pagkatapos kumain ka ng Jollibee, at hindi langhap sarap. Ang gagawin mo, sa susunod na matakam ka, hindi ka na kakain sa Jollibee. Dalawa lang ang mangyayari. Magpupursige ang Jollibee para tuparin ang pangako ng langhap sarap, o di kaya’y wala nang kakain sa kanila, at magsasara ang kanilang negosyo. Hmm... Natatakam tuloy ako sa Chicken Joy.

Ito ay mito, dahil madalang mangyari. Anoman ang reklamo natin tungkol sa MRT, wala naman tayong puwedeng ipalit dito.

Sa kaso ng representasyon, “vote with your votes,” o di kaya’y bumoto gamit ang inyong mga boto ang dapat na nangyayari. Sabihin na nating walang dayaan. Sabihin na natin na walang bilihan ng boto. May kakulangan pa rin ang sistemang ito.

Isipin natin ang mga tinatawag nilang nuisance candidates. Halimbawa, si Archangel Lucifer. Di-umano, wala siya sa tamang pag-iisip.

Pero hindi mo kailangang maging wala sa tamang pag-iisip para madeklarang nuisance candidate. Kapag ang isang tao'y hindi kayang independyenteng mangampanya sa pambansang lebel, maaari siyang ideklarang nuisance candidate. Maraming kailangan dito, primarya ang pera (para dito tingnan ang David 2015 at Esmaguel 2018). Kahit naman payagan kang tumakbo, kung hindi ka mayaman, paano ka magkakapagpatalastas sa telebisyon at radyo? Sa simula pa lang, ang mga maaaring tunay na kumatawan sa ati'y hindi na natin maaaring maging kinatawan. Wala silang materyal na kakayahan para kumandidato't mangampanya man lang.

Ito rin ang kaso ng malayang pamamahayag. Kung walang pamumwera, ayon sa lohikang ito, laging magwawagi ang katotohanan. Walang krimen ng pag-iisip, ika nga. Ang kalaban ng katotohanan ay hindi kasinungalingan. Laging lupaypay ang kasinungalingan pag kinalaban nito ang katotohanan. Ang tunay na kalaban ng katotohanan ay censorship, ang panunupil at pamumwera.

Sa ilalim ng kolonyalismong Espanyol, may monopolyo ang Simbahang Katolika sa pamamahayag. Ayon kay Coates, nagkaroon nga ng problema si Rizal tungkol sa paglalathala ng *Noli*. Wala namang magbabasa nito sa Europa, kung saan ito maaaring malathala. Samantala, siguradong lagot siya (at nalagot nga) kung ilalathala ito sa Pilipinas (Coates 1992, 97). Nauwi tuloy sa self-publishing.

Ito ang nakakatawa sa sitwasyon. Sa ilalim ng tinatawag ni Coates na praylokrasya, hindi pahihintulutan ng Simbahang Katolika na maglathala ng sulating umuusig, o sa tingin nila'y umuusig, sa kanilang relihiyon. Samantala, kung ikaw ay liberal na naniniwala sa kalayaan ng pamamahayag, kahit alam mo, o naniniwala ka, na puro kalokohan lang ang relihiyon, Katolisismo man o hindi, hindi mo ipagbabawal ang paglalathala nila ng mga banal na libro, polyeto, sanaysay. Gayundin, hindi mo puwedeng ipagbawal

ang paglalathala ng mga sulatin na ang adbokasiya’y pagbabawal sa kalayaan ng pamamahayag!

Syempre pa, may limitasyon din ito. Kahit walang pamimilit, nalalamangan ng mga mas mayaman at mas makapangyarihan ang mga maliit. Kunwari’y mayroon kang website kung saan mo inilalahad ang katotohanan tungkol sa ABS-CBN at rappler.com. Kunwari lang! Dahil mas malawak ang kanilang network, at mas mabali ang kanilang brand, may bentahe pa rin ang ABS at Rappler, at puwede nilang ilibing ang iyong tinig. Alam natin na hindi ito ang kaso ngayon sa Pilipinas. Sa totoo, baka nga mas maituturing na pinakamatinding kaaway ng kalayaan ng pamamahayag ang gobyerno. Ito ang primaryang may kapangyarihan para manupil, ang may kapangyarihan ng censorship. Mga PI kayo, patayin ko kayo!

SALIN PUSA

Nagsasalin si Rizal at isinasalin si Rizal. Isinalin niya ang mga kwentong pambata ni Hans Christian Andersen (Andersen 2018) at ang dulang *Wilhelm Tell* ni Schiller (tingnan ang Guillermo 2009). Sandamakmak ang salin kay Rizal. Ang iba, salin mula sa orihinal na Espanyol, at iba pang wika na kanyang ginamit. Ang iba naman, relay translation. May iba’t ibang lebel ng kalidad. Mayroon namang mga adaptasyon kay Rizal. Ang tawag ni Roman Jakobson dito’y intersemiotikong salin, mula isang midyum papunta sa isa pa (Jakobson 2015, 55). Nagkaroon ng seryeng base sa *Noli Me Tangere*, halimbawa, noon sa Channel 5 (1992), Syempre, meron ding pelikulang *Noli* (dir. Gerardo de Leon, 1961). Ang buhay ni Rizal ay naisalin na rin sa iba’t ibang midyum. Nariyan ang pelikulang *Bayaning 3rd World* (dir. Mike de Leon, 1999), at gayundin ang mangang *Jose Rizal* (Matsui 2020). Kung papalawakin natin ang depinisyon ni Jakobson, pati

ang kritisismo kay Rizal ay pagsasalin kay Rizal. Bahagi itong maituturing ng intralingual na pagsasalin (Jakobson 2015, 55). Kung papalawigin pa natin ang pagpapalawak na ito, puwede nating sabihing pati ang interpretasyon kay Rizal mismo, hindi lang sa mga sulatin niya, ay pagsasalin. Halimbawa nito ang “Rizal: the Tagalog Hamlet” ni Miguel de Unamuno (de Unamuno 1968). Titigil na ako dito at baka pati pagpapangalan sa anak na “Jose,” isama ko sa pagsasalin kay Rizal.

Para kay Ambeth Ocampo, kailangan laging balikan ang orihinal ni Rizal, dahil maraming pagkakamali ang mga “opisyal na salin.” Ibinigay niyang halimbawa sa isang sanaysay niya ang karanasan ni Esteban de Ocampo, na dahil nagbase sa edisyon ng mga sulat ni Rizal na inedit ni Teodoro Kalaw ay inakalang lugar sa Alemanya ang “Donnerstag.” Iyon pala, ayon kay Ocampo, “Huwebes” lang ito, at minarkahan ni Rizal ang araw na isinulat niya ang liham, at hindi ang espesipikong lugar kung saan niya isinulat ito (Ocampo 2011). Naglista pa siya ng ilang pagkakamali sa edisyon ng mga obra ni Rizal na inihanda ng Jose Rizal National Centennial Commission noong 1961 sa edisyong 2018 ng kanyang *Rizal Without the Overcoat*. Maliit na bagay lamang ang mga ito, pero hindi naman nagninitpicking si Ocampo. Para sa kanya, “constant research can lead to new things or even new insights from old things” (Ocampo 2018, vii). Kung gayon puwede nating sabihing mabuti na lang na maraming mali ang mga opisyal na edisyon, at ang mga opisyal na edisyon na ito’y mahirap pa ngang mabili para mabasa. Nagbubukas ito ng oportunidad sa mga iskolar at mambabasa, at oportunidad lalo na magbigay ng “malikhaing” interpretasyon kay Rizal.

Ipinaliwanag ni Virgilio Almario na maraming pagkakamali ang mga salin at halaw sa *Noli*. Kahit ang edisyong hinirang ng Jose Rizal National Centennial Commission bilang “pinakamatapat” ay maraming “niluksuhan o pinutol na linya,” ayon kay Almario (Rizal 1998, vii). Gayudin, para kay Almario, nakasulat ang saling ito sa ika-20 siglong Tagalog. Samantala,

pinulaan naman niya ang salin nina Antolina Antonio at Patricia Melendrez-Cruz dahil ito ay “Magaspang, Literal. ...namamakipak sa salita at idyomang Ingles” (Rizal 1998, viii). Inihugpong ni Almario ang pagpupunyagi ng mga “pekeng salin” sa paraan kung paano itinuturo si Rizal. Halimbawa, ang kay Maria Odulio de Guzman ay pinaikling bersyon, at ito ang namamayani dahil “madaling maunawaan o maipaunawa sa mga estudyante” dahil di-umano, mahirap maunawaan ang orihinal (Rizal 1998, ix). Iginigiit ni Almario na may maituturing na totoo o tunay na Rizal, at tinuligsa niya ang dominasyon ng makabayang balangkas sa pagbabasa kay Rizal. Ang mga iskolar na ito’y may “sari-sariling determinismong pampolitika. Ibig nilang sagutin ni Rizal para sa kanila ang kani-kanilang hakang pilosopiya at pananaw panlipunan para sa kasalukuyan at hinarahap ng Filipinas” (Rizal 1998, xi). Magkaugnay para kay Almario ang pulitisasyon at komersyalisasyon kay Rizal. Paraan ang mga ito para hindi na basahin ang orihinal na isinulat ng bayani.

Ang solusyon para kay Almario ay pagbabasa sa mga nobela bilang nobela. Halimbawa, kailangang balikan ang mga puna sa *Noli*. Inilista ni Almario ang inilista ni Joaquin. Ang banghay ng *Noli* ay walang saysay, at galing pa di-umano kay Alexander Dumas. Hindi rin daw buo ang mga tauhan, at hindi magaling ang pagkakasulat. Idinagdag pa rito ni Almario ang mga puna ni Arcilla. Hindi daw mahusay ang estilo ni Rizal, at mali-mali ang Espanyol. Gayundin, masyado daw “masalita ang mga nobela ni Rizal, mabagal ang aksiyon ng salaysay, labis na pinahaba ang mga usapan” (Rizal 1998, xiii-xiv).

Pagpapatuloy pa ni Almario, kailangang isakonteksto sa tradisyong pampanitikan ang *Noli*. Dapat daw ituring na “eksperimento at bahagi ng nagaganap din noong metamorposis ng nobela sa Europa” ang gawa ni Rizal (Rizal 1998, xv). Bukod sa nobelang Europeo, kailangan din, ayon kay Almario, na manaliksik tungkol sa koneksyong Aleman ni Rizal. Inilarawan

niya ang koneksyon ni Rizal kina Herder, Heine, at syempre kay Schiller (Rizal 1998, xix-xx).

Hindi lang iyon, isasakonteksto rin si Rizal sa kasaysayan ng panitikan ng Pilipinas. Ang dalawang kontekstong ito ng nobela ni Rizal ang siyang pinagmulan ng “bagong nobela” ni Rizal. Sa ganitong paraan, sa kanyang paglikha ng bago, nagiging iba si Rizal sa mga kritikong gaya lang nang gaya. Basahin natin si Almario:

Kahit bilang aktibong tagasalin lamang, nilulusaw ng malikhaing imahinasyon [nina Rizal at Balagtas] ang hiram at banyaga upang iangkop sa pansariling pangangailangan, bigyan ng kabuluhan sa kaniyang sariling panahon at kalagayan, at kaya nalalahunan ng mga sangkap mula sa katutubong kultura. Sa ganitong paghahalo ng banyaga at katutubo, ng panlipunan at pansarili, ng kasaysayan at talambuhay, ng gunita at kasalukuyan, atbp. maaaring mabuo ang “bago.” Bago ito sapagkat may kaakuhang mangangailangan ng bagong pamantayan. Mangangailangan ito ng bagong pamantayan sapagkat iba sa pinagmulang kasaysayan at iba rin sa umaasang hinaraman (Rizal 1998, xvi).

Para kina Ocampo at Almario, mayroong totoong Rizal. Kung mababasa lang natin sa orihinal na Espanyol o Aleman, o di kaya’y sa tamang salin si Rizal, masasapol natin ang Rizal na Rizal. Para kay Almario, pekeng salin hindi lamang iyong mga pinaikling bersyon ng *Noli*, kundi iyong Rizal na gawa ng mga kritiko, iyong kontrobersyal, iyong kailangang pagdebatehan kung macho o bakla, kung tuta ng Estados si Rizal, kung kontra-feminismo o pasista, kung rebolusyonaryo ba o hindi. Syempre pa, hindi naman minamaliit ni Almario ang kontribusyon ng mga katulad ni Agoncillo at Daroy, at pinapahalagahan din niya ang ambag ng mga sosyolohista at Marxista. Ang

tinutuligsa niya ay iyong mga “daldalero’t bolero,” na nagtuturo ng “kursong Rizal batay sa mga buod-buod at katha-kathang nabasa” (Rizal 1998, xii).

Syempre pa, hindi natin tinutuligsa ang realidad, gayundin ang ideya ng katapatan sa pagsasalin. Halimbawa, kung ang orihinal ni Rizal ay “mi marido,” at may nagsalin dito bilang “tao ko,” kung wala namang pagpapaliwanag sa talahuli baga, na ang mga parilalang “mi marido,” bukod sa nangangahulugang “asawa ko,” ay ekspresyon ding maaaring isalin bilang “tao ko” (ibig sabihin, tauhan ko, empleyado ko, bara ko, etc.), maaari nating sabihing nagkamali ang tagasalin. Pero, sa ibang banda, nagiging walang saysay ang ganitong uri ng kritisismo. Ililista ba natin ang pagkakamali ng isang salin, at iiwan na doon ang isyu? Mas mainam kung isasakonteksto din natin ang mga pagkakamaling ito, at basahin na ang abot-tanaw ay ang kasaysayan, kultura, at lipunang pinagmulan ng mga isinaling teksto, at target na wika. Tunghayan natin ang mga kritikong ganito nga ang ginawa, pagkatapos ay bagtasin natin ang iba pang teritoryo nitong larang na tinatawag na Araling Salin. Una nating basahin si Isagani Cruz.

Bago tayo tumuloy sa teorya ng pagsasalin ni Cruz, kailangan nating itala ang kakaibang lapit niya kay Rizal. Taliwas kay Almario, kinukwestyon ni Cruz pati ang pagtawag sa *Noli* bilang nobela. Ayon sa kanya, ‘pag tinatawag nating “nobela” ang *Noli*, “pinapayagan nating madala tayo ng mga teorya ng nobela na nabuo sa pagbasa lamang ng mga nobelang Europeo. Alam kong akala ni Rizal ay nobelang Europeo ang sinusulat niya, pero akala lang niya iyon” (Cruz 2000, 150). Itong husay ni Cruz sa salita, at tapang ng kanyang kritisismo, ang dahilan kung bakit natin siya dapat ituring na modelong kritiko. Para kay Cruz maaaring idekonstrak, at dapat ngang idekonstrak, ang lahat-lahat. Nagsisimula sa salita.

Para kay Cruz, bagaman may kaunting pagkukulang sa wikang banyaga si Rizal, hindi matatawaran ang kanyang mga salin pagdating sa kahulugan (Cruz 2000, 157). Samantala, ikinumpara naman niya ang

dalawang salin sa Ingles ng *El Filibusterismo*. Para kay Cruz, dahil mas maalam si Leon Ma. Guerrero kaysa kay Charles Derbyshire sa Espanyol, mas nahuhuli nito ang kahulugan ni Rizal. Ang kinakailangan ay tagasaling mahusay sa parehong wika, ang pinagmulan (sa kaso ni Rizal, Espanyol), at ang target (sa kaso ni Rizal, Derbyshire, at Guerrero), Ingles. Pero hindi doon nagtatapos ang lahat. Sa orihinal ni Rizal, mayroong Latin, na ayon kay Cruz ay hindi lang “pa-epek” ni Rizal (Cruz 2000, 161). Sa puntong ito’y tagumpay pareho sina Derbyshire at Guerrero dahil hindi nila isinalin ito sa Ingles. Mahalagang manatili ito sa Latin para sa epekto nito sa nobela. Sa pagsasalin kasi na gusto ni Cruz, hindi lang husay sa wika kundi galing sa kahulugan ang pinapahalagahan.

Mali-mali nga ba si Derbyshire sa Espanyol? Puwede nating sabihin na hindi niya pinahalagahan ang mga detalye ng wika, at kung gayon, ng wika ni Rizal. Tingnan natin kung paano niya isinalin ang ilang pisikal na deskripsyon kay Maria Clara, na pinili rito’y bilang kontrbusyon hindi lang sa Araling Salin kundi sa Araling Kasarian.

Tala: ang ginamit ditong programa para iproseso ang mga salita bilang yunit ay ang TextStat. Ang edisyong ginamit para sa salin ni Derbyshire ay iyong nasa Project Gutenberg. Dito rin nagmula ang kinonsultang Espanyol na edisyon ng *Noli*. (Tingnan ang Figura 1.)

Walong beses ginamit ni Derbyshire ang salitang “shapely,” anim na beses para tukuyin si Maria Clara. Isa naman dito’y ang tinutukoy ay si Elias.

Sa kabanatang “A Star in a Dark Night,” ginamit niya itong pansalin sa “torneado” ni Rizal, na isinalin naman ni Almarino bilang “nilalik” (Rizal 1998, 31). Samantala, ang orihinal na Espanyol ay “torneado.” Kung kukunsultahin ang *UP Diksiyonaryong Filipino*, matutuklasang ang “lalik” ay nangangahulugang “bakal o kahoy na pinakinis ang hubog” (Almarino 2010, 666).

Ang sunod na “shapely” kay Maria Clara ay ang kanyan mga tenga. Sa kabanatang “Capitan Tiago,” inilahad ng narrator na ang “small and shapely ears” na ito ang iilang katangiang sinasabing namana ng dalaga mula sa kilala niyang ama. Ang orihinal ni Rizal dito’y “bien modeladas,” na isinalin naman ni Almario bilang “maayos na tabas” (Rizal 1998, 42).

Mula sa punto de vista ng libog na libog na si Prayle Salvi ang susunod na paglabas ng salita, sa kabanatang “In the Wood.” “Shapely” daw ang mga braso ni Maria Clara. Isinalin ni Almario bilang “mabibilog na bisig” (Rizal 1998, 157) ang “bien modelados” ni Rizal. Sa puntong ito, lumalabas na mas malawak ang bokabularyo ni Almario hindi lang kay Derbyshire, kundi kay Rizal mismo!

“Shapely” pa rin ang ginamit ni Derbyshire sa kabatang “Correspondence,” para isalin ang “lindo” ni Rizal. Ang tinutukoy dito’y ang paa ni Maria Clara, na ayon kay Almario ay “maganda” (Rizal 1998, 200).

Nagbalik ang “shapely arms” ni Maria Clara sa kabanatang “The First Cloud.” “Hermosos” ito sa orihinal na Espanyol, at kay Almario naman ay “kabigha-bighani” (Almario 1998, 253). “Shapely” kahit ang mga daliri ni Maria Clara sa kabanatang “The Enigma.” Dito, ang Espanyol ni Rizal ay “afilados,” at ang salin ni Almario ay “malalantik” (Rizal 1998, 327). Kung kokonsultahin muli ang *UP Diksiyonaryong Filipino*, matutuklasang ang ibig sabihin ng “lantik” ay “kaaya-ayang kurba gaya ng lantik ng pilikmata, daliri, o baywang” (Almario 2010, 676).

Ano ang natutunan natin mula sa maikling eskursyon na ito? Una, na hindi lang iisang proyekto ang proyekto ng pagsasalin. Bagaman sinabi ni Almario na gusto niyang magkaroon ng “maigagalang na salin” ng *Noli* sa Filipino (Rizal 1998, vii), kailangan nating tandaan na patuloy pa ring nililikha itong wikang pambansa. Sa kanyang akto ng pagsasalin, nililikha ni Almario ang Filipino, sa paggamit ng salita tulad ng “nilalalik,” at pagtindig laban kay Rizal mismo nang hindi niya ulitin na lang ang “bien modelados/

modeladas” para ilarawan ang mga tenga at braso ni Maria Clara. Ang “brazo” nga ni Maria Clara ay hindi “braso” para kay Almarion, kundi “bisig.” Bagaman pasok na sa bokabularyong Filipino ang “braso,” na galing sa Espanyol, ayaw ni Almarion makalimutan natin ang mga salitang mayroon naman tayo.

Samantala, wala sa hinuha ni Derbyshire ang paglikha sa Ingles. Para sa kanya, ang Ingles ay Ingles na. Iba ang proyekto niya sa pagsasalin ng *Noli*. Ano naman kaya ang proyekto ng mga nagsalin sa *Noli* sa ibang wika, bukod sa Ingles.

Sinuri ni Ronel Laranjo ang salin sa Koreano ni Dong Yob Kim mula sa salin ni Leon Ma. Guerrero ng *Noli*. Ayon sa balangkas ni Laranjo, na halaw kay Schriever, sa pagsasalin, may nagaganap munang dekontekstwalisasyon ng teksto, para pumili ng kahulugan, saka nagkakaroon ng rekontekstwalisasyon papunta sa target na wikat at kultura. Dahil relay translation ang kay Kim, sinuri muna ni Laranjo ang salin ni Guerrero. Ayon sa kanya, proyekto ni Guerrero ang magpresenta ng *Noli* para sa bagong henerasyon ng mga Filipinong Ingles ang ginagamit. Kumbaga, “[the] translator, rather than just merely translating, rewrote or recontextualized the novel, as if the original author... wrote the novel in [the] 1960s” (Laranjo 2018, 36). Hindi eksaherasyon ang paggamit ng “rewrote.” Ang salin ni Guerrero ang pinili ng mga Katolikong eskwelahan kahit pa noong kainitan ang usapin laban sa Rizal Bill, ayon kay Laranjo, dahil ito ang mas katanggap-tanggap na bersyon. Tinanggal, halimbawa, ang mga mura, “references to bodily functions,” at syempre ang mga usaping relihiyoso (Laranjo 2018, 37).

Ininterbyu ni Laranjo ang nagsalin ng *Noli* sa Koreano. Nagtapos ng kanyang doktorado sa Pilipinas si Kim, at ayon kay Laranjo ay guro sa Busan University of Foreign Studies. May kasanayan na sa pagsasalin ng mga akademikong teskto, ang salin niya ng *Noli* ang una niyang saling pampanitikan. Ayon kay Laranjo, ang layunin ng tagalin ay ipakita ang kultura, kasaysayan, at pulitikang Filipino sa mga Koreano (Laranjo 2018, 38).

Sa pagsusuri ng salin ni Kim, ipinamalas ni Laranjo ang mga interesanteng aspekto ng wika na tumitingkad sa proseso ng pagsasalina. Halimbawa, nasa balarila na ng Koreano ang pagpapakita ng paggalang, kaya sa salin ni Kim, nasa anyo na ng mga salita ang pagbibigay-pugay ni Ibarra kay Kapitan Tiago. Samantalang nasa “deferential level” si Ibarra sa pagsasalita, nasa “familiar and intimate level” naman na si Kapitan Tiago (Laranjo 2018, 40).

Tulad sa Pilipinas, malakas din ang impluwensya ng Estados Unidos sa South Korea. Sa paggamit ni Kim ng “Koreanized English words” sa kanyang salin, ipinahayag ni Laranjo na, imbes na ang mas malaking publiko ng lipunan ng South Korea, masasabing ang naging target audience ni Kim ay “contemporary Koreans” na nakakaintindi ng wikang Ingles, kahit papaano (Laranjo 2018, 41). Hindi ibig sabihin ay binura ni Kim si Guerrero, o si Rizal. Sa katunayan, bukod sa pagpapanatili ng mga detalye tulad ng tinola, sampaguita, at paglalagay ng mga kultural na paliwanag, isinalin din ni Kim ang introduksyon ni Guerrero sa *Noli*, na “Two Novels that Made a Revolution” (Laranjo 2018, 50).

Marahil malayo na ito sa rekomendasyon nina Ocampo at Almario. Samantalang gusto nilang mas mapalapit tayo kay Rizal, sa Rizal na Rizal, sa orihinal na Rizal, ang pinag-aaralan dito’y salin ng salin kay Rizal. At sino naman ang may pakialam kung ilang beses ginamit ni Derbyshire ang “shapely”?! Pero sa palagay ko, hindi sasabihin ng dalawang iskolar ni Rizal na hindi na bahagi ng Araling Rizal ang mga ganitong uri ng pag-aaral. Umiigpaw si Rizal sa kanyang mga teksto, sa kanyang buhay. May institusyong Rizal, may Rizal-Industrial Complex. Maaari nating sabihing sign ang “Rizal,” na tumutukoy sa kung ano-anong referent. Puwede rin nating sabihing si Rizal ay espasyo para pag-aralan ang iba’t ibang bagay, na ang tanging kailangang katangian lang ay may gahiblang relasyon kay Rizal.

Iwan muna natin, kung gayon, ang mga salin kay Rizal, at basahin... ang isang *pag-aaral* sa salin ni Rizal.

Ang librong *Translation and Revolution* ay masalimuot na aklat na nagpapamalas ng sopistikadong pag-iisip ni Ramon Guillermo. Pag-aaral ito ng nabanggit nang salin ni Rizal ng *Guillermo Tell* ni Schiller, at higit pa roon.

Sa kanyang pagkukumpara ng isang sipi mula sa *Fili* at mula sa *Tell*, may napansing detalye si Guillermo. Samantalang ang konsepto ng “inalienable rights” ni Schiller na pinaraphrase ni Padre Florentino madulas na naisalin mula Aleman patungong Espanyol, sa *Fili*, nang isalin na ni Rizal sa kanyang bersyon Tagalog ng *Tell*, nagkaroon ng “certain difficulties” na indikasyon ng “disjunctions and differential histories” sa mga pulitikal na konsepto (Guillermo 2009, 9). Sumipi si Guillermo mula sa isang liham ni Rizal kay Blumentritt, kung saan nagpahayag ang bayani tungkol sa pagkakaiba ng estilo ng ekspresyon ng Aleman at Tagalog. Sa suhestyon ni Blumentritt na maaaring magtangka ng puripikasyon ng Tagalog tulad ng ginagawa sa Aleman, lumalabas na hindi nakinig si Rizal. Ayon kay Guillermo, “after much effort to find the ‘exact’ equivalent for a word... he tried to understand and translate not the word but the sense of the word, resulting in a freer translation” (Guillermo 2009, 13). Alinsunod sa terminolohiya ni Schleiermacher, para kay Guillermo mas nakakiling si Rizal sa pagsasa-Tagalog ng Aleman, kaysa pagsasa-Aleman ng Tagalog. Ano ang ibig sabihin nito? May kanya-kanyang katangian ang mga wika, at hindi lahat ng wika’y may elemento ng bawat wika. Halimbawa, sa Filipino, pag sinabi mong “Si Boyet at Maria ay mga kaibigan ko,” at idinagdag mong “Siya ay doktor, at siya ay guro,” kailangan ang una mong “siya” ay tumutukoy kay Boyet, at ang ikalawa nama’y tumutukoy kay Maria. Kasi, kung pagbabaliktarin mo, walang paraan sa Filipino para malamang may baliktarang naganap. Pero dahil sa Espanyol, Ingles, at Aleman, may pagkakaiba ang mga pronoun na tumutukoy sa babae at tumutukoy sa lalake, el/ella, he/she, er/sie, puwede

mong sabihing “Boyet and Maria are my friends. She is a doctor and he is a teacher.” O, halimbawa, dahil may conjugation, puwede mong sabihin sa Espanyol na “Hablo Ingles,” imbes na “Yo hablo Ingles.” Samantala, sa Filipino, kailangan mong sabihing “Nagsasalita *ako* ng Ingles.” Ang mga ganitong pagkakaiba’y may kanya-kanyang bentahe, at oportunidad para sa eksperimentasyon, gayundin sa paggamit sa wika para magpalawak ng diskurso. ‘Pag sinabi kung gayon na pagsasa-Aleman ng Tagalog, kumbaga, ang mga nagagawa ng Alema’y susubukin ng tagasalin na ipagawa sa Tagalog. Samantala, ‘pag sinabing pagsasa-Tagalog ng Aleman, ibig sabihin, ang mga espesyal sa wikang Aleman, hindi mo susubuking ipasok sa Tagalog. Kaya nga, puwede nating sabihin, sa salin ni Rizal, nag-Tagalog si Schiller, at hindi nag-Aleman ang Tagalog. Ang nakakatawa, sabi ng kaibigan ni Rizal na si Mariano Ponce, ang dating, minsan kailangan pang marunong ng wikang Aleman ang mambabasa para lang maintindihan ang Tagalog (Guillermo 2009, 20). Halimbawang binanggit ni Guillermo ang maituturing na “I miss him” sa Aleman, ginawang “ako ay kinukulang sa kanya” ni Rizal; samantalang ang katumbas ng “Let us make an oath” sa Aleman, naging “pabayaang sumpaang” (Guillermo 2009, 21). Hindi sa mga isyung ito nagpokus si Guillermo sa kanyang pag-aaral, bagaman binanggit niya pa rin. Imbes, itong *Translation and Revolution* ay pag-aaral hindi lamang ng salin, kundi ng ideolohiya. Hindi kinonsidera sa kanyang pag-aaral ang “kalidad” ng salin ni Rizal (Guillermo 2009, 33, 63-64). Para kay Guillermo, ang salin ni Rizal kay Schiller ang pagtatangka ng bayani na igpawan ang pang-ilustradong uri ng nasyonalismo, at makipagdiyologo sa masa (Guillermo 2009, 27). Tinawag ni Guillermo na “intra-linguistic translation” itong pagtatangka ni Rizal na umalpas sa “kami” ng mga Ilustrado, tungo sa “tayo.”

Ano-ano ang mga natutunan ni Guillermo sa kanyang pag-aaral? Natuklasan niya, halimbawa, na mas maraming unique na salita ang *Wilhelm Tell* kaysa sa salin ni Rizal dito, bagaman mas maraming kabuuang salita

mayroon sa Tagalog. Maaari itong indikasyon na nagkaroon ng neutralization sa salin ni Rizal. Ibig sabihin, ginamit ni Rizal ang iisang salitang Tagalog para sa maraming salitang Aleman ni Schiller (Guillermo 2009, 65). Gayundin, may empirikal na basehan si Guillermo sa pagsabing magkahawig ang mga lambak at rurok ng mga salita sa *Wilhelm Tell* at sa salin dito ni Rizal. Pag nagkakaroon ng mga lambak, ibig sabihin umuulit ang mga salita at kaunti lamang bagong salita ang pumapasok sa teksto. Pag nagkakaroon naman ng mga rurok, ibig sabihin may introduksyon ng mga bagong salita, may bagong paksa, kumbaga na tinalakay ang teksto (Guillermo 2009, 53, 67).

Sa pagbabasa ng pag-aaral ni Guillermo, marami ding matututunan tungkol sa wikang Tagalog. Halimbawa, sa pagkakagamit ni Rizal, alinsunod sa kanyang konteksto, ang salitang “karapatayan” ay hindi tumutukoy sa kasalukuyan nitong ibig sabihin, e.g. “karapatang pantao,” kundi bilang salin ng sa Aleman ay nangangahulugang “fitting,” “proper,” o “due” (Guillermo 2009, 95). Hindi ito simpleng trivia lang, pero may kinalaman sa pag-aaral ng ideolohiya. Dahil wala pa ngang termino para sa naiintindihan na natin ngayon na “karapatan” sa Tagalog, paanong naisalin ni Rizal ang dula ni Schiller, na sa Alema’y ang “kapatayan” bilang “rights” ay isa sa mga iniinugang konsepto. Sa ganitong perspektibo rin maaaring pag-isipan ang salin ni Rizal ng salitang Aleman na ngangahulugan ng parehong mamamayan at burgis bilang “taong bayan.” Ang mamamayan-burgis na ito’y may mga tungkulin at karapatan, kasama na rito ang karapatan sa pag-aari o property rights (Guillermo 2009, 128). Malaki ang impluwensya nito sa dinamiko ng kahulugan sa salin ni Rizal. Paliwanag ni Guillermo:

The idea of deprivation of rights ... is ultimately replaced by the notion of being deprived of “help” ...in bearing the unendurable burden. Rather than resorting to a “right of revolution” ...because their rights have been trampled upon, the Tagalog-speaking Swiss feel themselves as being

“gipit” ...and enmired in an “excessively” bad situation that cannot be alleviated because “tulong” ...can nowhere be found (Guillermo 2009, 140).

Ang bersyon ni Ponce, pinaglalagyan ng “karapatan” ang wala naman sa salin ni Rizal (Guillermo 2009, 143).

Nabanggit na ang hinuhang naganap na “neutralization” ng mga salita sa salin ni Rizal kay Schiller. Kailangan ding sabihin dito na naganap din ang kabaliktaran, ang “diversification.” Ibig sabihin, gumamit si Rizal ng maraming salita para isalin ang iisang salita ni Schiller. Susi dito ang terminong “Natur,” na isinalin ni Rizal bilang “loob,” “pagkatao,” “sangsinukuban,” “buhay,” “kinapal,” at “lupa” (Guillermo 2009, 173). Dahil nga susing termino, nagbigay ng kaisahan o kaayusan ang “Natur” sa *Wilhelm Tell*, pero nawala ito sa salin ni Rizal (Guillermo 2009, 177). Ibig bang sabihin ay wala nang kaisahan o kaayusan sa Tagalog na teksto?

Pero may naganap ngang neutralization. Ang salitang “lupa” ang ginamit ni Rizal para sa Aleman na “Grund,” “Irdisch,” “Baden,” “Feld,” “Land,” “Welt,” “Erde,” at “Natur.” Gayundin, ang salitang “loob” ang ginamit ni Rizal para sa Aleman na “Ziel,” “Lust,” “Mut,” “Wille,” “Geist,” “Seele,” “Herz,” “Innerste,” “Menschlichkeit,” at “Natur” (Guillermo 2009, 174).

Para kay Guillermo, ang susing termino sa salin ni Rizal ay “loob” (Guillermo 2009, 170, 212). Sa pagkawala ng “Natur” bilang sentral na metapora, nawala na sa saling Tagalog ang pundasyon ng argumento ni Schiller laban sa pulitikal na ordeng kanyang kinikritika. Inihambing ni Guillermo ang “loob” sa salitang Malaysian na “tulong.” Ayon sa kanya:

The human “needs” represented by the notion of “Naturrecht” are historically and situationally transcendent while those expressed by the idiom

of “tolong” are historically bound and situationally immanent (Guillermo 2009, 187).

Sa tatluhanang “may loob”-“walang loob”-“pagbalik loob,” natutunghayan natin ang mga salita at konseptong nagamit ni Rizal sa pagsalin niya ng kritikal at rebolusyoaryong aspekto ng dula ni Schiller. Ang loob na ito’y hindi metapisikal o engrandeng ideya, kung mas kongkreto, mas pang-araw-araw. Ito ang tinutukoy ni Guillermo ng sinabi niyang pagtatangka ang salin ni Rizal na makipagdiyologo hindi lamang sa mga kauri niyang ilustrado.

IMBES NA KONGKLUSYON

Basahin naman natin ngayon ang pagbasa ni Guillermo sa tekstong bagaman hindi direktang salin, ay makikitaan pa rin ng mga sentral na ideya ng isa pang Aleman. Ang tinutukoy ko rito’y ang “The Philippines a Century Hence” ni Rizal, na ayon kay Guillermo’y may bakas ng pilosopiya ng teorista ng militar na si Carl von Clausewitz.

Unang inusig ni Guillermo si Ricardo Pascual. Ayon kay Guillermo, mahihinuha agad sa tangkang paglatag ni Pascual sa di-umano’y pilosopiya ng kasaysayan ni Rizal na ang nagsasalita talaga rito’y si Pascual. Pinapasabi lang kay Rizal ang kanyang mga ideya. Walang paggalang si Pascual sa kinapapaloobang pangkasaysayan at pang-intelektktwal na konteksto ni Rizal (Guillermo 2012, 7). Isinunod ni Guillermo ang interpretasyon ni E. San Juan, Jr. Para sa kanya, kabaliktaran naman ni San Juan ni Pascual. Samantalang ang huli’y ahistorical, si San Juan ay nagmalabis sa mga sinabing naging impluwensya kay Rizal, tulad ng sosyalismo, anarkismo, at ideyalismong Aleman. Para kay Guillermo, hindi “rigorous” at “substantiated”

ang pagsuri ni San Juan kay Rizal bilang maestro ng “dialectic mode of thought” (Guillermo 2012, 8-9).

Sentral sa diskusyon ni Guillermo ng sanaysay ni Rizal ang konsepto ng “moral forces,” na ayon kay Rizal ay mas makapangyarihan pa sa mga materyal na puwersa. Unang hinambing ni Guillermo ang pag-iisip ni Rizal sa Alemang si Droysen, na mayroon namang konsepto ng “ethical powers,” at gayundin ginamit ang “necessity” sa pag-intindi niya ng kasaysayan (Guillermo 2012, 16). Malaki din ang papel ng “necessity” sa “The Philippines a Decade Hence.” Kaso nga lang, wala namang ebidensya na nabasa ni Rizal si Droysen.

Isa pang Alemang naihambing kay Rizal si Humboldt. Nabasa talaga ni Rizal si Humboldt, ayon sa isang liham niya kay Blumentritt. Pero para kay Guillermo, sa mga sulatin ni Clausewitz tayo dapat tumingin kung nais nating intindihin ang sanaysay ni Rizal. Ang terminong “moral forces” (sa Aleman) ay dalawampu’t syam na beses lumabas sa librong *On War* ni Clausewitz (Guillermo 2012, 17). Ang kaso nga lang, wala rin namang ebidensya na nabasa ni Rizal si Clausewitz! Sa huli, dahil empirikal at historikal ang oryentasyon, hindi giniit ni Guillermo na si Clausewitz talaga ang naging hugutan ng bokabularyo ni Rizal. Modelo siya ng iskolar na siyentipiko ang oryentasyon, at hindi binabago ang mga datos para lamang maging “tama.” Gayumpaman, tatlo ang kongklusyon ni Guillermo. Una, mas malakas ang kaso para sa kahit ‘di-direktang impluwensya ni Clausewitz kay Rizal, kumpara sa ibang palaisip. Pangalawa, ang mga ideya tulad ng pagiging mas mahalaga ng mga puwersang moral ay maaaring isakonteksto na kasaysayan ng Espanya ni Rizal. Mahina ang mga materyal na puwersa ng mga Espanyol, kumpara sa ibang kapangyarihang Europeo, kaya may saysay ang pagkaakit nila sa pilosopiyang militar ni Clausewitz (Guillermo 2012, 28-29). At pangatlo, inusig ni Guillermo ang paglarawan kay Rizal bilang

“pasipista” at “mala-Ghandi.” Taktikal at hindi absoluto ang pagkiling ni Rizal (Guillermo 2012, 27, 29) sa “mapayapang paraan ng pagbabago.”

Isinasalin si Rizal, at nagsasalin si Rizal. Babala sa mga mapang-api! Baka sa susunod, ang isalin ni Rizal... ay ang inyong dugo... mula sa inyong katawan...

SANGGUNIAN

Almario, Virgilio (ed). *UP Diksiyonaryong Filipino* (Pasig: Anvil, 2010).

Andersen, Hans Christian. *From Denmark to the Philippines* (Mandaluyong: Anvil, 2018).

Coates, Austin. *Rizal: Philippine Nationalist and Martyr* (Manila: Solidaridad Publishing House, 1992).

Chua, Michael. "Rizal: The first emo?" (2012). abs-cbn.com. Mababasa sa <https://news.abs-cbn.com/lifestyle/12/27/12/rizal-first-emo>. Huling inakses Setyembre 12, 2020.

Cruz, Isagani. *Bukod na Bukod* (Quezon City: UP Press, 2000).

David, Randy. "Nuisance candidates" (2015). inquirer.net. Mababasa sa <https://opinion.inquirer.net/89413/nuisance-candidates>. Huling inakses Setyembre 14, 2020.

de Unamuno, Miguel. (1968). officialgazette.gov.ph. Mababasa sa <http://www.officialgazette.gov.ph/rizal-monument/essay-unamuno.php>. Huling inakses Oktubre 3, 2020.

Esmaque, Paterno. "3 newsmakers among possible nuisance Senate bets" (2018). rappler.com. Mababasa sa <https://rappler.com/nation/elections/list-newsmakers-who-could-be-declared-as-senatorial-nuisance-bets>. Huling inakses Setyembre 14, 2020.

Guillermo, Ramon. *Translation and Revolution* (Quezon City: AdMU Press, 2009).

Guillermo, Ramon. "Moral Forces, Philosophy of History, and War" in Jose Rizal. *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints*, Volume 60, Number 1, March 2012, pp. 5-32.

Jakobson, Roman. "Hinggil sa mga Aspektong Lingguwistiko ng Pagsasalin." Nasa Virgilio Almario (ed), *Introduksiyon sa Pagsasalin* (Manila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2015), pp. 53-66.

Matsui, Takahiro. *Jose Rizal* (Mandaluyong: Anvil, 2020).

Ocampo, Ambeth. "In Search of "Russian Mountain"" (2011). inquirer.net. Mababasa sa <https://opinion.inquirer.net/8239/in-search-of-%E2%80%98russian-mountain%E2%80%99>. Huling inakses Oktubre 3, 2020.

Ocampo, Ambeth. *Rizal without the Overcoat* (Mandaluyong: Anvil, 2018).


Rizal, Jose. *Etikang Tagalog* (Quezon City: Lathalaing P.L.,1997).

Rizal, Jose. *Noli Me Tangere* (Quezon City: Adarna House, 1998).

Rizal, Jose. "The Philippines a Century Hence." [gutenberg.org](https://www.gutenberg.org/files/35899/35899-h/35899-h.htm). Mababasa sa <https://www.gutenberg.org/files/35899/35899-h/35899-h.htm>. Huling inakses Setyembre 14, 2020.

Rizal, Jose. *The Social Cancer*. [gutenberg.org](http://www.gutenberg.org/ebooks/6737). Mababasa sa <http://www.gutenberg.org/ebooks/6737>. Huling inakses Setyembre 14, 2020.

Figura 1



Resulta ng TextStat program para sa “shapely” sa salin ni Charles Derbyshire ng *Noli Me Tangere*.